ILLINOIS DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH
IDPH
PROTECTING HEALTH, IMPROVING LIVES

NEWS RELEASE

FOR IMMEDIATE RELEASE
February 26, 2020

CONTACT:
Melaney Arnold – 217-558-0500
melaney.arnold@illinois.gov

Illinois Magsasagawa ng Preventative Action upang Limitahan ang Pagkalat ng Coronavirus

Ang kasalukuyang panganib sa Illinoisans ay nananatiling mababa ngunit ginagawa ng estado ang lahat ng mga hakbang upang maghanda

SPRINGFIELD - Ang Kagawaran ng Kalusugan ng Illinois (IDPH) ay nakikipag-ugnayan sa mga lokal, estado, at mga pederal partners sa kalusugan upang gawin ang lahat ng mga hakbang para mapigil ang pagkalat ng coronavirus 2019 (COVID-19). Bagama't ang COVID-19 ay hindi kumakalat sa mga komunidad ng Illinois o ng Estados Unidos, mayroong katibayan na kumalat na ito sa komunidad ng ilang mga bansa sa buong mundo kaya ang IDPH ay nakatuon sa pakikipag-ugnayan sa buong lokal, estado, at pederal na ahensya upang matiyak na handa ang Illinois.

Ang IDPH ay kasalukuyang nagsasagawa ng mga pagsusuri sa mga ospital upang matukoy ang lahat na magagamit na kapasidad kung sakaling mas maraming tao ang mangangailangan ng pangangalagang medikal. Sinusuri din ng IDPH ang pagkakaroon ng mga personal na kagamitan sa pangangalaga tulad ng guwantes, gowns, at masks para sa mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan. Sa bungad ng buwang ito, ang Illinois ay naging unang estado na nagbigay ng pagsuri sa COVID-19 at ang IDPH ay patuloy na nagtatrabaho sa pagtaas ng antas ng kapasidad para sa pagsusuri upang masiguro ang mabilis na resulta.

"Habang ang mga karagdagang kaso ng COVID-19 ay nasusuri sa mga dumaraming bilang ng mga bansa, ang Kagawaran ng Kalusugan ng Illinois ay nakikipag-ugnayan sa mga nagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan at mga lokal na opisyal ng pampublikong kalusugan, ang Centers for Disease Control and Prevention, at iba pang mga ahensya ng estado upang makapagbigay ng matatag na tugon at kagyat gumawa ng bawat posibleng hakbang na maaari naming maihanda,"sabi ni Dr. Ngozi Ezike, Direktor ng IDPH. "Pinangunahan na ng Illinois ang pangangasiwa, kaya ito ay nagiging

unang estado na may kakayahang makapagsuri ng COVID-19 sa mga laboratoryo nito. Habang tayo ay sumusulong, nakikipag-ugnayan tayo sa buong ahensya ng lungsod, estado, at pederal upang matukoy ang lahat na mapagkukunan ng mga gamit at titiyakin na magagamit natin ang bawat kasangkapan para mapanatiling ligtas ang ating mga komunidad."

Mula noong Enero 2020, ang IDPH ay nakikipag-ugnayan na nang mahigpit sa mga lokal, estado, at pederal partners upang matagumpay na mapigil ang pagkalat ng virus sa Illinois, na
may dalawang kumpirmadong kaso lamang. Kasama sa mga pagsisikap ay:

- Ang pagpapatupad ng pagsusuri ng COVID-19 sa Illinois, na naging unang estado na nagsagawa nito.
- Ang pag-set up ng statewide hotline para sa mga katanungan tungkol sa coronavirus
- Ang pagbibigay ng gabay at rekomendasyon sa mga lokal na kagawaran ng kalusugan, mga ospital, EMS, mga klinika, at iba pang mga partners sa iba't ibang mga lugar:
    - Ang pagsusuri ng COVID-19 sa mga pasyente batay sa kanilang risk dahil sa paglalakbay o malapitang kontak sa isang nakumpirmang kaso
    - Pagsusuri at pag-uulat tungkol sa mga taong nasa ilalim ng pagsisiyasat
    - Mga practices sa pagkontrol ng impeksyon
    - Pag-iingat para sa mga paaralan, unibersidad / kolehiyo, at mga mag-aaral
    - Paghihiwalay / kuwarentina
    - Mga hakbang sa pag-iwas para sa mga tagapag-alaga at malapitang kontak
    - Pagsusumite at pagsusuri ng ispesimen
    - Inirerekumendang mga estratehiya para sa personal na gamit pang proteksyon
    - Pagtawag ng Triage sa emergency department
    - Emergency Medical Services at 911 call center response
- Pagbibigay ng mga regular na briefings sa General Assembly
- Pakikipag-ugnayan sa publiko sa pamamagitan ng paglikha ng webpage tungkol sa sakit na dulot ng coronavirus, paglabas ng mga balita, pag-host ng mga press conference, pagsasagawa ng mga panayam, at pagbibigay ng impormasyon sa social media.

Habang nagpapatuloy ang mga pagsisikap na mapigil ang pagtaas ng bilang ng mga kaso ng COVID-19, gagamitin din ng Illinois ang mga estratehiya sa mitigasyon sa komunidad. Nilalayon ng mitigasyon sa komunidad na mapabagal ang pagkalat nitong bagong virus sa mga komunidad sa pamamagitan ng pag-gamit ang mga nonpharmaceutical interventions (NPIs) na mas kilala bilang "pang-araw-araw na mga preventive aksyon" kasama ang pananatili sa bahay kapag may sakit, pagtakip ng bibig at ilong kung umuubo at bumabahing, madalas na paghuhugas ng kamay, at regular na paglilinis ng mga madalas na nahahawakang bagay-bagay .

Dahil sa kawalan pa ng mga gamot o bakuna, ang mga hakbang sa mitigasyon sa komunidad ay ang unang linya ng proteksyon laban sa mga nakakahawang sakit. Ang mga preventive aksyon ay dapat na isinasagawa ng mga taga-Illinois sa lahat ng oras, lalo na't patuloy nating sinusubaybayan ang mga potensyal na pagkalat ng isang bagong virus.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano ka maaaring maghanda laban sa pagkalat ng virus at mga hakbang na maaari mong gawin upang manatiling malusog, bisitahin ang https://www.cdc.gov/nonpharmaceutical-interventions/. Bagama't ang mga materyales na ito ay nakatuon sa trangkaso, nararapat pa rin ang mga impormasyong nakasaad dito at ang mga aksyon na maaari mong gawin para ma-ihanda mo ang iyong sarili at ang iyong komunidad, para sa At Home, At School, At Work, at At a Gathering.

###